Manatili kayo sa paglalakbay sa gabi sapagkat tunay na ang daigdig ay tinutupi sa gabi.

Ayon kay Anas, malugod si Allah sa kanya: "Manatili kayo sa paglalakbay sa gabi sapagkat tunay na ang daigdig ay tinutupi sa gabi."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ginagabayan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang Kalipunan niya na maglakbay sa gabi. Ipinabatid niya na ang lupa ay tinutupi para sa manlalakbay kapag naglakbay siya sa gabi kaya naman malalakbay niya sa gabi ang hindi niya malalakbay sa araw dahil ang hayop sa gabi ay higit na malakas sa paglalakad. Kapag nakabawi na ito ng lakas niya at nakapagpahinga sa araw ay mag-iibayo ang paglalakad nito. Gayon din ang tao, sa gabi ay magiging higit na may kakayahan sa paglalakad dahil sa kawalan ng init. Gayon din kaugnay sa mga kotse, gagaan ang init sa mga ito sa gabi.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5966